Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Paggamit ng Wastong Bantas

Kakayahan: Nagagamit ang wastong bantas sa pagsulat ng mga pangungusap

Isulat sa patlang ang mga lipon ng salita na may wastong bantas upang mabuo ang pangungusap.

1. Opo Nanay Magsasaing na po ako sagot ni Maricel

_____

2. Saklolo Tulungan nyo kami

_____

3. Nagluto ako ng almusal naglaba nagwalis sa sala at saka nagpahinga

_____

_____

4. Kailan binaril si Ninoy Aquino sa Manila International Airport

_____

5. Ipinanganak si Bb Lena Flores noong ika 7 ng Agosto 1990

_____

6. Mag uumpisa nang 6 00 ng umaga ang prusisyon mula sa simbahan

_____

7. Talaga Totoo ba ang sinasabi mo

_____

8. Ang huling tula na isinulat ni Jose P Rizal ay ang Mi Ultimo Adios

_____

9. Di lang maganda mapagbigay at maunawain si Gng Tess Hernandez matalino rin siya

_____

_____

10. Ibat ibang prutas at gulay ang ibinibenta ng may ari ng tindahan

_____

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Paggamit ng Wastong Bantas

Kakayahan: Nagagamit ang wastong bantas sa pagsulat ng mga pangungusap

11. (bating pambungad ng liham na pangkaibigan) Mahal kong Sarah

_____

12. Araw araw ka bang hinahatid ng kaibigan mo na taga Makati

_____

13. Hoy Bawal magtapon na basura riyan pahiyaw na sinabi ng pulis

_____

14. Maraming hayop ang nakita ng mga bata sa zoo elepante tigre leon unggoy buwaya at ahas

_____

_____

15. (bating pambungad ng pormal na liham) Kagalang galang na Hukom

_____

16. Ay Nalulunod ang bata

_____

17. Magandang umaga po masayang bati ni Roel sa lahat

_____

18. Ang pagdiriwang ay gaganapin sa Gerrys Grill Restaurant Tomas Morato Avenue Quezon City

_____

_____

19. Magsusuot ng barong at barot saya ang mga binatat dalaga sa programa

_____

_____

20. Ang limang lungsod sa Pilipinas na may pinakamataas na populasyon ay ang mga lungsod ng Quezon Maynila Caloocan Davao at Cebu

_____

_____

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Paggamit ng Wastong Bantas (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagamit ang wastong bantas sa pagsulat ng mga pangungusap

Isulat sa patlang ang mga lipon ng salita na may wastong bantas upang mabuo ang pangungusap.

1. “Opo, Nanay. Magsasaing na po ako,” sagot ni Maricel.
2. Saklolo! Tulungan n’yo kami!
3. Nagluto ako ng almusal, naglaba, nagwalis sa sala, at saka nagpahinga.
4. Kailan binaril si Ninoy Aquino sa Manila International Airport?
5. Ipinanganak si Bb. Lena Flores noong ika-7 ng Agosto 1990.
6. Mag-uumpisa nang 6:00 ng umaga ang prusisyon mula sa simbahan.
7. Talaga? Totoo ba ang sinasabi mo?
8. Ang huling tula na isinulat ni Jose P. Rizal ay ang “Mi Ultimo Adios.”
9. ‘Di lang maganda, mapagbigay, at maunawain si Gng. Tess Hernandez, matalino rin siya.
10. Iba’t ibang prutas at gulay ang ibinibenta ng may-ari ng tindahan.
11. (bating pambungad ng liham na pangkaibigan) Mahal kong Sarah,
12. Araw-araw ka bang hinahatid ng kaibigan mo na taga-Makati?
13. “Hoy! Bawal magtapon na basura riyan!” pahiyaw na sinabi ng pulis.
14. Maraming hayop ang nakita ng mga bata sa zoo: elepante, tigre, leon, unggoy, buwaya, at ahas.
15. (bating pambungad ng pormal na liham) Kagalang-galang na Hukom:
16. Ay! Nalulunod ang bata!
17. “Magandang umaga po,” masayang bati ni Roel sa lahat.
18. Ang pagdiriwang ay gaganapin sa Gerry’s Grill Restaurant, Tomas Morato Avenue, Quezon City.
19. Magsusuot ng barong at baro’t saya ang mga binata’t dalaga sa programa.
20. Ang limang lungsod sa Pilipinas na may pinakamataas na populasyon ay ang mga lungsod ng Quezon, Maynila, Caloocan, Davao, at Cebu.

© 2014 Pia Noche